

## **Mga Madalas Itanong para sa Mga Practitioner ng Outdoor na Pagtitipon na Nakabatay sa Paniniwala**

**Hulyo 21, 2020**

Ang sumusunod na gabay ay binuo ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco para sa paggamit ng mga lokal na pasilidad, at ipo-post sa [www.sfcddcp.org/covid19](http://www.sfcddcp.org/covid19). Maaaring magbago ang pansamantalang gabay na ito kasabay ng pagbabago ng kaalaman, transmisyon sa komunidad, pagiging available ng PPE, at pagsusuri.

**AUDIENCE:** Mga practitioner na nagpapalano ng maliit na outdoor na pagtitipon na nakabatay sa paniniwala.

### **Buod ng Mahahalagang Punto**

- Ang mga outdoor na pagtitipon na nakabatay sa paniniwala ang kasalukuyang pinapayagan. Walang indoor na serbisyo o seremonya ang isasagawa sa mga lugar ng pagsamba o iba pang pasilidad.
- Kasalukuyang pinaghihigpitan ang outdoor na attendance sa hindi lalampas sa 12 dadalo, kasama ang mga tauhan, anumang oras.
- Mas gustong isagawa ang remote na attendance sa pagtitipon.
- Gumawa ng [Planong Pangkalusugan at Kaligtasan](#) (Exhibit B ng Direktiba ng Opisyal ng Kalusugan 2020-19, ipo-post sa [www.sfdph.org/directives](http://www.sfdph.org/directives)) at susubaybayan nang maigi kung sakaling kailangan mong gumawa ng mga pagbabago para mapatindi ang kaligtasan.


## **Mga Madalas Itanong**

### **Ilang tao ang dadalo sa outdoor na pagtitipon?**

- Maaaring magtipon-tipon ang mga tao mula sa iba't ibang sambahayan sa isang grupo na hindi lalampas sa 12 tao. Tingnan ang Mga Tip para sa Maliliit na Outdoor na Pagtitipon na naka-post sa [www.sfcddcp.org/safersocial](http://www.sfcddcp.org/safersocial)
- Kasama rito ang mga parke o iba pang espasyo kung saan pinapayagan ang mga nasabing pagtitipon. Sa espasyo, dapat magawa ng lahat ng dadalo na magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa mga taong hindi nila kasama sa bahay sa lahat ng pagkakataon.
- Puwedeng gumamit ng mga sunshade, awning, o katulad na outdoor na istruktura, pero dapat ay ganap na nakabukas ang mga ito sa lahat ng gilid para sa maximum na bentilasyon.
- Dapat iiskedyul ang mga pagtitipon nang hindi hihigit sa 2 oras.
- Maaaring umupo nang magkakasama ang mga miyembro ng iisang sambahayan pero dapat na magpanatili ng anim na talampakang distansya mula sa iba pang sambahayan.
- Pag-isipan ang pag-aalok ng karagdagan oras ng pagtitipon sa parehong araw para mas maraming tao ang makadalo. Tiyaking linisin ang espasyo sa pagitan ng bawat pagtitipon.

### **Kinakailangan ba ang mga pantakip sa mukha o mask para sa lahat ng dadalo kasama ang mga magsasagawa ng serbisyo o seremonya?**

- Kinakailangang magsuot ng [mga pantakip sa mukha at mask](#) ang lahat ng kalahok at namumuno sa serbisyo sa lahat ng oras. Para makatulong na ipaalala sa iyong mga tauhan at dadalo, maglagay ng signage para ipaalam sa mga tao na kailangang magsuot ng mga pantakip sa mukha



o mask.

### **Kailangan ko bang magsagawa ng screening sa kalusugan para sa aking mga tauhan?**

- Oo, makakatulong ang [gabay sa screening ng SFPDH](#) (naka-post sa [www.sfcdcp.org/screen](http://www.sfcdcp.org/screen)) sa mga ibibigay na tanong sa iyong mga tauhan.
  - Tingnan kung anong gagawin kung ang resulta ng kawani ay [positibo sa COVID-19](#) sa website na sf.gov.
  - Tingnan kung kailangan maaaring bumalik sa trabaho ang kawani pagkatapos magkaroon ng COVID-19 (naka-post sa [www.sfcdcp.org/rtw](http://www.sfcdcp.org/rtw))

### **Maaari ba kaming magpasa ng mga object sa pagitan ng mga tao?**

- Hindi, dapat mong iwasan ang paghawak ng mga object na ibinabahagi. Kung mahalaga ang isang object at kailangan itong ibahagi, dapat ay isagawa mo ang bawat pag-iingat pagkatapos ng bawat pagbabahagi na linisin at i-sanitize ang object at/o ang mga kamay ng lahat ng taong humawak sa object pagkatapos ng bawat pagbabahagi.

### **Pinapayagan ba ang pagkanta o pag-chant sa pagtitipon?**

- Ang pag-project sa iyong boses tulad ng pagkanta o pagsigaw ay maaaring mas magpalaganap ng virus, kahit na may suot na pantakip sa mukha. Dahil dito kaya mapanganib ang choral singing. Nauugnay ang mga choir sa simbahan sa mga malulubhang paglaganap ng outbreak. Pag-isipan ang pakikinig sa naka-record na musika o pagkakaroon ng musikerong tumutugtog ng mga instrumento.

### **Pinapayagan ba ang pagkain o inumin sa pagtitipon?**

- Hindi pinapayagan ang self-service na pagkain, mga potluck, o magkakaharap na pagkain at inuman. Sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga sitwasyong ito, maaari mong iwasan ang panganib ng cross contamination.
- Kung kinakailangan ang pagkain o pag-inom, bilang bahagi ng seremonyang nakabatay sa paniniwala, dapat na gawain mo ito sa paraang na nami-minimize ang pakikisalamuha sa pagitan ng mga tao, lalo na ang mga kaugnayan sa mga kamay at bibig.
- Hindi dapat pagbahagihan ang mga baso, cup, at kubyertos; kung pagbabahagihan ito, dapat na i-disinfect ang mga ito sa pagitan ng bawat paggamit at dapat na linisin ang mga kamay ng gumagamit sa pamamagitan ng naaangkop na paghuhugas ng kamay o gamit ang hand sanitizer.

### **Ano ang pinakamahasag na paraan para mangolekta ng mga donasyon?**

- Tuklasin ang posibilidad ng paggamit ng mga digital na system na nagbibigay-daan sa mga touch-free na donasyon. Itigil ang paggamit ng mga basket o katulad na bagay para sa mga donasyon.

### **Paano namin babatiin ang isa't isa? Sa pamamagitan ng pakikipagkamay, paghalik sa pisngi, atbp.?**

- Hindi ito ipinapayong gawin. Tukuyin kung paano ninyo mababati ang isa't isa sa iba't ibang paraan habang pinapanatili ang social distance.



### **Kailangan ko bang magbigay ng personal na pamprotektang kagamitan (PPE) para sa aking mga tauhan?**

- Kakailanganin mong magbigay ng mga pantakip sa mukha sa mga empleyado. Dapat mo ring tiyaking may access ang mga empleyado sa sapat na lugar para sa paghuhugas ng kamay o sa hand sanitizer.

### **Kahit na nagsasagawa kami ng mga pagtitipon sa labas, kailangan pa ba naming linisin at i-disinfect ang aming gusali?**

- Oo, mahalaga pa ring linisin at i-disinfect ito kung ikaw o ang iyong tauhan ay magkakasalamuha sa isa't isa sa gusali. Mangyaring tingnan ang gabay sa [kung ano ang at paano lilinin at i-disinfect](#), naka-post sa [www.sfcddcp.org/businesses](http://www.sfcddcp.org/businesses).
- Maglagay ng signage para ipaalala sa mga tauhan ang tungkol sa kahalagahan ng madalas na paghuhugas ng kamay.
- I-disinfect ang mga mikropono at stand, mga music stand, instrumento, at iba pang gamit sa pagitan ng bawat paggamit.
- Kung naaangkop para sa iyo ang pag-upo sa labas, pag-isipan ang paggamit ng disposable na pantakip sa upuan para sa mga dadalko na puwedeng itapon at palitan sa pagitan ng bawat paggamit. Hugasan ang mga panrelihiyong garment at linen pagkatapos ng bawat serbisyo o kaganapan, sa pinakamataas na setting ng tubig na posible.


### **Maaari pa rin bang i-record sa aming pasilidad ang maliliit na indoor na serbisyo para sa pag-livestream o pag-broadcast?**

- Oo, maaari pa ring patuloy na mag-livestream ang iyong pasilidad ng maliliit na indoor na serbisyo pero lubos na hinihikayat kang magsagawa ng mga aktibidad ng outdoor na pag-stream.
- Walang congregant o iba pang miyembro ng publiko ang maaaring makilahok o dumalo sa anumang indoor na serbisyo. Kung kinakailangan ng serbisyo o seremonya ng pakikilahok ng mga congregant o iba pang miyembro ng publiko (hal. kasal o binyag), dapat na isagawa ito sa labas. May bisa sa Lunes, Hulyo 20, 2020, dapat na ring isagawa ang mga lamay nang outdoor, kasama ang mga layunin ng pag-stream.
- Pinapayagan **lang** ang mga indoor na serbisyo kung:
  - Ang mga ito ay para sa mga layunin ng pag-stream sa ibang tao.
  - Wala pang 12 tao sa kabuuan, kabilang ang mga tauhan at camera crew.
  - Mananatiling nakasara ang indoor na espasyo sa mga congregant at pangkalahatang publiko. Maaaring maging bahagi ng grupo ng 12 ang mga congregant na regular na boluntaryong sumusuporta sa mga serbisyo.
  - Sumusunod ang mga kaganapan sa lahat ng social distancing, pagtatakip ng mukha, alituntunin sa paglilinis at pag-disinfect.

## **Mga Karagdagang Mapagkukunan**

### **Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFPDH)**

- Makikita ang Impormasyon at Gabay para sa publiko sa [www.sfcddcp.org/covid19](http://www.sfcddcp.org/covid19)
- Makikita ang [Tip Sheet para sa Maliliit na Outdoor na Pagtitipon](#) at Direktiba na namamahala sa Maliliit na Outdoor na Pagtitipon sa



- [www.sfdph.org/dph/alerts/files/Directive-2020-19-SmallOutdoorGatherings.pdf](http://www.sfdph.org/dph/alerts/files/Directive-2020-19-SmallOutdoorGatherings.pdf)
- Ang template para sa kinakailangang [Planong Pangkalusugan at Pangkaligtasan para sa Maliliit na Outdoor na Pagtitipon](#) ay naka-post sa [www.sfdph.org/dph/alerts/files/2020-19-Small-Gatherings-Health-and-Safety-Plan.pdf](http://www.sfdph.org/dph/alerts/files/2020-19-Small-Gatherings-Health-and-Safety-Plan.pdf)
- Naka-post ang mga tip para sa [Mga Mas Ligtas na Social Interaction](#) na naka-post sa [www.sfcddp.org/safersocial](http://www.sfcddp.org/safersocial)
- Naka-post ang [pansamantalang gabay sa paglilinis at pag-disinfect](#) sa [www.sfcddp.org/businesses](http://www.sfcddp.org/businesses).
- Ang [Pansamantalang Gabay: Pagtatanong para sa Screening sa COVID-19 sa Anumang Negosyo, Organisasyon, o Pasilidad](#) ay naka-post sa [www.sfcddp.org/businesses](http://www.sfcddp.org/businesses).
- Makikita ang impormasyon sa [Mga Mask at Pantakip sa Mukha](#) sa <https://sf.gov/information/masks-and-face-coverings-coronavirus-pandemic>

**Centers for Disease Control and Prevention (CDC): Pansamantalang Gabay para sa Mga Komunidad ng Paniniwala**

[www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/faith-based.html](http://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/faith-based.html)

**Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California: Mga Lugar ng Pagsamba at Mga Provider ng Mga Panrelihiyong Serbisyo at Kultural na Seremonya**

<https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-places-of-worship.pdf>